Mga Gawad Dangal ng Wikang Filipino 2015

Pagpupugay sa mga Gawad Dangal ng Wikang Filipino 2015:

Leonida B. Villanueva, Dangal ng Wikang Filipino

Dahil sa kaniyang masigasig at aktibong pagsisilbi tungo sa pagpapalago at pagpapalaganap ng wikang Filipino sa mahabang panahon, sa katauhan man ng kawani ng gobyerno o karaniwang mamamayang tagasubaybay ng pagbabago. Naging pangulo siya ng Pambansang Samahan ng mga Tagapagtaguyod sa Filipino (PASATAF), at pagkaraan ay naging tagapayo sa resureksiyon ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL). Gumanap siyang tagasalin, lingguwista, leksikograpo, at awtor alinsunod sa hinihingi ng panahon, at retirado man ngayon ay nakapag-aambag pa rin sa wikang pambansa sa pagiging tagapayo at kung minsan ay tagapagturo.

Florentino T. Timbreza, Dangal ng Wikang Filipino

Dahil sa kaniyang mapaghawang mga akda sa lárang ng Pilosopiya na isinusulat sa Filipino, at sa paggamit ng Filipino bilang instrumento ng matatayog na diskursong akademiko. Nag-iwan ng mohon sa pambansang wika ang kaniyang doktoradong disertasyon, at yumanig sa daigdig ng pilosopiya ang kaniyang unang aklat. Binuksan niya ang pinto sa mga katutubong kultura, at malinaw na nailarawan ang hugis ng kaisipan at kaloobang Filipino. Guro siya sa pinakamataas na pakahulugan, ngunit nagdaramit na tagasalin, kritiko, o manunulat o kung minsan upang higit na maunawaan ng sambayanan ang masalimuot na daan ng

pamimilosopiyang Filipino.